

PARA SA AGARANG PAGLABAS

12 bagong charging station para sa de-kuryenteng sasakyan ang inanunsyo para sa Brampton

BRAMPTON, ON (Setyembre 15, 2020) – Kahapon, inanunsyo na ang Lungsod ng Brampton ay tatanggap ng pondo para iinstalla ang 12 bagong charging station ng de-kuryenteng sasakyan sa apat na pasilidad bago ang dulo ng 2021. Ang mga charging station ay nagawang posible sa pamamagitan ng paglahok ng Lungsod sa Peel Climate Change Partnership at Zero Emission Vehicle Infrastructure Program ng Natural Resources Canada.

May commitment na magiging Green City, sa 2019, magkaisang bumoto ang Konseho ng Lungsod ng Brampton para ideklara ang emerhensya sa klima habang pinupuntirya ang na mabawasan ang greenhouse gas (GHG) emissions na nalikha sa lungsod ng 80 porsyento bago lumampas ang 2050. Hinihikayat ng mga charging station ng de-kuryenteng sasakyan ang mga residente na muling pag-isipan kung paano sila makakalakbay at itaguyod ang mas sustainable na mga mapagpipiliian sa transportasyon, na magpapabawas din sa GHGs.

Ang bagong mga charging station ng de-kuryenteng sasakyan ay iinstalla sa sumusunod na mga istasyon:

- Cassie Campbell Recreation Centre – 2
- Loafers Lake Recreation Centre – 2
- Chinguacousy Wellness Centre – 4
- Riverstone Community Centre – 4

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga charging station ng de-kuryenteng sasakyan ng Lungsod, bisitahin ang www.brampton.ca

Maiikling impormasyon

- Ang Lungsod ng Brampton ay may umiiral na 53 charging station ng Lungsod ng Brampton sa iba't ibang mga paradahan ng munisipyo at mga pasilidad ng Lungsod sa buong lungsod para makatulong na mas gawing kumbinyente ang mga de-kuryenteng sasakyan para sa mga residente at mga negosyo sa Brampton.
- Ang mga charging station ng de-kuryenteng sasakyan sa Brampton ay libreng gamitin ng mga tao. Inilalapat ang karaniwang bayarin sa mga paradahang may bayad.
- Nagtakda ang Konseho ng Lungsod ng target na nawasan ang GHGs sa Brampton ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050 sa Hunyo 2019. Gumagawa ang Lungsod ng bilang ng mga hakbang para makamit ang target, kablant ang paghahanda sa Community Energy and Emissions Plan (CEERP) sa pakikipagtulungan ng Sheridan College.
- Kapag nakumpleto, pupuntirya ng CEERP na ipagsama ang mga pagsisikap ng munisipalidad, local na mga utility at mga stakeholder ng komunidad at lumikha ng roadmap na magpapahusay sa pagiging matipid ng enerhiya, bawasan ang gas emissions ng greenhouse, tiyakin ang seguridad ng enerhiya, lumikha ng bentahe sa ekonomiya, at dagdagan ang resilience sa pagbabago ng klima.

- Si Mayor Patrick Brown ay miyembro ng Global Covenant of Mayors for Climate and Energy, nangunguna sa uri nito na pandaigdigang alyansa ng higit sa 9,200 lungsod na nangunguna sa pakikipaglaban sa pagbabago ng klima.

Tungkol sa Peel Climate Change Partnership

Ang Peel Climate Change Partnership ay magkasamang nagtutulungan sa mga proyekto at para masiguro ang pondo na tutulong sa organisasyon ng bawat miyembro na mabawasan ang greenhouse gas emissions at umangkop sa pagbabago ng klima.

Kabilang sa Partnership:

- Ang Rehiyon ng Peel
- Ang Lungsod ng Brampton
- Ang Bayan ng Caledon
- Credit Valley Conservation
- Ang Lungsod ng Mississauga
- Ang Toronto and Region Conservation Authority

Mga Quote

“Bilang isang Miyembro ng Global Covenant of Mayors for Climate and Energy, nananabik ako na ang Lungsod ay tumatanggap ng pondo para sa 12 bagong charging station ng de-kuryenteng sasakyan sa Brampton. Ang Brampton ay isang Green City, at sa mas sustainable na mapagpipiliang transportasyon na lokal na magagamit, pwede nating maipagpatuloy ang trabaho tungo sa ating ambisyosong target na bawasan ng 80 porsyento ang ating GHGs bago lumipas ang 2050, nang magkasama.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“May mga munisipyo na nakaka-impluwensya sa kalahati ng GHG emissions ng Canada, kailangan tayong maghanap ng mga paraan para mabawasan ang bakas ng carbon dito sa ating tahanan. Itong mga bagong charging station ng de-kuryenteng sasakyan ay mas magpapadali pa sa pagiging sustainable para sa ating komunidad dahil gagawin nating lahat ang ating parte na patuloy na itayo ang mas lumalaking Green City.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, Vice-Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad*

“Ang pagsisikap ng Lungsod kasama ang Peel Climate Change Partnership ay nangangahulugan na nagawa nating mahigpit na makipagtulungan sa mga partner ng area para makalikha ng mas berdeng komunidad at malusog na kapaligiran para sa mga henerasyon sa hinaharap. Itong mga charging station ng de-kuryenteng sasakyan ay hindi posible kung wala ang pakikipagtulungan sa buong rehiyon ng Peel at ginagawang mas madaling piliin ang mga desisyon na nakakabuti sa kapaligiran para sa mga residente ng Brampton.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad*

“Ang 12 bagong charging station ng de-kuryenteng sasakyan, bukod pa sa 53 charging station ng de-kuryenteng sasakyan na magagamit na sa iba’t ibang paradahan ng munisipyo at mga pasilidad ng Lungsod sa Brampton ay gagawa ng sustainable na transportasyon sa tumataas na naaakses na

pagpipilian sa loob ng ating komunidad. Dedicated ang staff sa patuloy na pakikipagtulungan sa ating mga partner at mga residente para suportahan ang prayoridad ng Brampton ng pagiging Green City.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca